
# Pagtatala ng Mga Record ng Kaligtasan at Kalusugan

**Ang haba ng panahon na kailangang itago ang isang record ay depende sa uri ng record.**

Halimbawa, ang OSHA 300 logs ay dapat mapanatili at maitago nang hindi bababa sa limang taon.





## Mga record ng kaligtasan at kalusugan na dapat itago:

- Programa sa Pag-iwas sa Aksidente (nakasulat)
- Mga medical at exposure record ng empleyado
- Mga record ng Federal OSHA 300 para sa pinsala/sakit sa trabaho
- Mga record na may kaugnayan sa mga partikular na panganib sa lugar ng trabaho
- Mga safety data sheet para sa mga mapanganib na kemikal kabilang ang mga mapanganib na gamot
- Mga record ng mga pagpupulong sa kaligtasan (mga petsa, paksa ng pagpupulong, at mga manggagawang dumalo)
- Mga record ng pagsasanay sa kaligtasan (mga paksa ng pagsasanay, petsa, at mga manggagawang dumalo)

Ang mga medical record ng **bloodborne exposure** ay dapat panatilihing kumpidensyal at nakatago sa panahon ng pagtatrabaho at sa loob pa ng 30 taon matapos ito.

## Mga medical record ng bloodborne exposure:

- Bakuna laban sa Hepatitis B at mga pagsusuri pagkatapos ng ma-expose
- Mga nakasulat na opinyon ng healthcare provider
- Impormasyong ibinigay sa healthcare provider ayon sa kinakailangan



Adult Family Home Council OF WASHINGTON STATE
Long-Term Care Foundation of Washington State
PIM SAVVY COMMUNITY OUTREACH
SHIP Grant Program — Safety and Health Investment Projects — Lni.wa.gov/SafetyGrants
Funding and support provided by the Department of Labor & Industries